

MGA TALUMPATI

Talumpati Tungkol sa Buwan ng Wika 2026 (Tema: Wikang Filipino at AI)

Tuwing Agosto, ipinagdiriwang sa buong Pilipinas ang Buwan ng Wika, alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, bilang pagpupugay sa kaarawan ni Pangulong Manuel L. Quezon, ang “Ama ng Wikang Pambansa.” Para sa Buwan ng Wikang Pambansa 2026, ang opisyal na tema ng Komisyon sa Wikang Filipino ay “Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon.” Kung naghahanap ka ng halimbawa ng talumpati tungkol sa Buwan ng Wika na sumasagot sa temang ito ngayong 2026, narito ang isang buong talumpati na maaari mong basahin, baguhin, o gawing gabay sa pagsulat ng sarili mong sipi. Halimbawang Talumpati Magandang araw po sa inyong lahat. Bago pa man tayo natuto ng anumang teknolohiya, may isa na tayong kasangkapan na hindi kailanman naging luma: ang ating wika. Ito ang unang bagay na itinuro sa atin ng ating mga magulang, ang unang tugtog ng ating lipi, at ang unang daan kung paano tayo naunawaan bilang mga sanggol pa lamang. Ngayong taon, ang tema ng ating Buwan ng Wika ay “Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon.” Sa unang tingin, maaaring iniisip ng ilan na magkasalungat ang dalawang bagay na ito — ang makabagong teknolohiya at ang ating tradisyunal na wika. Ngunit sa katotohanan, magkatuwang sila. Ang artificial intelligence ay nagiging bahagi na ng ating pang-araw-araw na buhay — sa paghahanap ng impormasyon, sa pagsulat, sa pag-aaral. Ngunit ang teknolohiyang ito ay isa lamang kasangkapan. Ang tunay na yaman ay nasa nilalaman: sa mga kwento, tula, at karunungan nakasulat at nasasalita sa ating sariling wika. Kung hindi natin pangangalagaan ang Filipino sa mundo ng AI, may panganib na maiwan ito, samantalang ang ibang wika ay lalo pang yumayaman sa digital na daigdig. Kaya naman, mahalaga na tayo — mga estudyante, guro, at magulang — ay maging bahagi ng paglikha ng nilalaman sa Filipino: mga sanaysay, kwento, tula, at pananaliksik na maaaring gamitin at pag-aralan hindi lamang ngayon, kundi maging ng mga susunod na henerasyon at ng mga makabagong teknolohiyang gaya ng AI. Ang wika ay hindi lamang paraan ng pakikipag-usap. Ito ay tulay — tulay sa ating kasaysayan, tulay sa ating kultura, at ngayon, tulay din sa yaman ng impormasyon sa modernong mundo. Gamitin natin ang teknolohiya upang higit pang mapalaganap ang Filipino, hindi upang ito ay palitan. Mabuhay ang Wikang Filipino. Mabuhay ang Buwan ng Wika 2026. Maraming salamat po. Mga Tip sa Pagsulat ng Sariling Talumpati Kung gusto mong gumawa ng sarili mong bersyon, tandaan ang mga

sumusunod:

Simulan sa isang kongkretong halimbawa o tanong na direktang konektado sa tema ng taon. Ipaliwanag ang tema sa sarili mong pananalita — huwag lang basta ulitin ang opisyal na paliwanag ng KWF. Maglagay ng personal na koneksyon: isang alaala, isang guro, o isang karanasan tungkol sa wika. Tapusin nang may panawagan sa pagkilos, hindi lang isang pabalik-balik na parirala.

